# RENTA*

Merdeka D. Morales

*Ang Bangkay, ang Ipis at Ako*

Malamlam ang tama ng ilaw sa bangkay ng isang lalaking nakapatong sa ibabaw ng lamesa. Kararating lamang niya rito kani-kanina. Handa na ang mga aparato para siya linisan, alisan ng laman at dugo, bago ayusan at ihatid sa susunod niyang hantungan. Nasa bandang ulonan niya ang matalas kutsilyo, hasaan at mga gamit panahi sa balat ng tao. Nasa paanan ang mga basahang gagamitin sa paglilinis at pagpupunas. Sa gawing kanan, andun naman ang isang hose na nakakabit sa isang aparato. 'Yon marahil ang gagamitin sa pagpapasipsip ng dugo para matanggal ang mga likidong hindi na kinakailangan ng kanyang walang buhay na katawan.

Walang ibang kulay ang paligid kundi puti. Puti ang ilaw. Puti ang kumot na nakataklob sa bangkay. Puti rin ang sahig na yari sa mga tiles. Ganu'n din ang dingding. Pati lababo, puti rin; gawa pa rin sa tiles bagamat ang sukat at hugis ay iba sa dalawang nauna. Maliliit na parisukat itong nasa lababo. Parisukat rin ang mga nasa dingding subalit katamtaman ang laki nito kumpara sa nauna habang ang nasa sahig naman ay pinakamalalaki ang sukat. Bahagya na itong nakukutiman at may hugis kidlat ang maliliit na lamat ng iba.

Puti rin ang sinelas na nakalagay sa isang tabi malapit sa palikurang puti pa rin ang pinto. Kung may mga naiibang kulay dito'y walang iba kundi ang mga stainless na lamesa at mga tubo sa lababo. Ang hose ay transparent, subalit kapansin-pansing naninilaw na ito sa tagal ng paggamit. Bakas sa hangin ang lansa ng lugar. Lansa ito na 'di katulad ng sa palengke. Mas nakasusulasok ang sangsang nito para sa ilong ng tao sapagkat nagsasanib ang amoy ng gamot at mga singaw mula sa dugo at laman ng mga naunang inembalsamo.

Sa gawing paanan nitong lamesa ng bangkay, nahagip ng mata ko ang isang tumatalilis na ipis patungo sa direksyon ng lababo. Parang ibinabadya ng kanyang paghagibis na may kakaibang mangyayari mamaya sa kwarto.

*Ang Espirito at ang Paghahatid sa Katawan*

Nasaksihan ko kung papaano marahang bumangon ang kaluluwa ng bangkay mula sa pagkakahimlay sa lamesang bakal. Katulad siya ng isang bagong gising na kinapos ang tulog at ngayo'y nagsisingkit ang paningin. Bakas sa kanyang mukha ang kaparehong itsura ng isang pinabagsak sa magdamagang pag-inom ng alak. Pupungas-pungas, iniligid niya ang tingin sa buong silid pagkuwa'y luminga-linga, hanggang sa natuklasang nakadiborsyo na pala ang kanyang sarili mula sa katawang lupa. Bahagyang nagulat ang kaluluwa. Ilang saglit din niyang ginunita ang mga nangyari, inisip ang dahilan ng kanyang paglisan bago nahinuhang may ibang anyo pa pala ng buhay matapos mamatay tulad ng pinatutunayan sa mga kwento ng relehiyoso. Pero bago pa tuluyang hatakin ng mga alaala pabalik, biglang naglaho ang katahimikan namin sa paligid nang marinig ang papalapit na tinig ng mga lalaking nag-uusap sa labas ng pinto. Napabalikwas ang kaluluwa sa lamesa. Tumagos siya sa kumot at kagyat na tumayo sa isang sulok malapit sa akin. Iniisip niya yatang kailangan pang tumabi ng mga katulad niya sa ganoong okasyon. Lumamig ng kaunti ang hangin paglapit niya sa akin. Tingin ko nama'y hindi na mahalaga na mapuna niya ang mga katulad ko. At kung sakaling mapuna, ano pa ba naman ang kanyang magagawa?

Pagbukas ng pinto, tumingin agad sa lamesa ang mga lalaking nag-uusap.

"Eto na ba 'yun?"

"Opo, Boss, kadadating-dating lang niyan kanina. Mainit-init pa."

"Patingin."

Makaraang hagurin ng tingin mula ulo hanggang paa ang sariwang bangkay, bumunot ng cellphone sa bulsa ang lalaking may makikinang na gintong bracelet, relos at kwintas. Lumipad ako mula sa ginagapangang lababo para makalipat ng ibang pwesto. Hinanap ng lalaki ang isang numero ng tao at saka tumawag. Makaraan ang ilang saglit, sumagot sa kanya ang kontak.

"Hello… Oh, sir meron tayo ngayong available dito… Yes sir, mukhang okay 'to… Yes sir, yes sir, ako pa ba?? Ah ganun ba sir? Gusto niyo na bang ipadala ko na diyan?… du'n ba sa dati o du'n sa isa? Okay sir, kami na bahala. Walang kaso rito. Okay, okay sir, right away padadala ko na sa mga bata, pakihintay na lang, salamat sir, thank you, thank you."

"Oh, sabi ng lalaking may alahas sa kanyang tauhan, hindi muna bubuksan 'yan. Linisan mo. Paliguan mo maigi saka mo lagyan ng pabango. Alam mo na naman mga gagawin 'di ba?"

"Opo, boss."

"Bilis-bilisan mo, me susundo na diyan."

"Sige po boss."

Kumunot ang noo ng kaluluwa sa mga narinig. Naging palaisipan sa kanya ang usapan sa pagitan ng lalaking may alahas at kausap nito sa telepono. Malay ba niya sa ganitong uri ng kalakaran? Pagkaraan lang ng ilang sandali ay sinimulan na ang paglilinis. Mayamaya'y lumipad ako para dumapo at gumapang sa nakabukang bibig ng bangkay. Subalit bago ko pa man malanghap ang panis na laway mula sa patay, agad 'kong nadama ang pagwasiwas ng basahan ng taga-linis. Dagli akong napa-iwas. Hinarurot ko ng lipad ang hangin para maglaho sa paningin ng mga nanlilisik niyang mata. Nang lumapag ako sa kabilang pader, napatitig uli ako sa tahimik na kaluluwa. Nakatitig lang din siya sa katawan niyang nililinisan. Iniisip niya siguro, anong gagawin nila sa katawan niya? Ba't kailangan ng pabango? Saan siya dadalhin? At sino ang kausap nila sa telepono? May mga kamag-anak na ba siyang nakakaalam ng nangyari tungkol sa kanya? Nasaan na sila? Bakit wala pang nag-aasikaso sa kanyang labi?

Wala siyang alam.

Dalawa pang lalaki ang dumating makaraan siyang paliguan at ayusan. Sa kostumbre na mga ito'y hindi na kakaiba sa kanila ang trabaho. Kasing lapad ng aparador ang katawan ng isa habang ang isa naman ay may katamtaman na pangangatawan. Magkatulong nilang binuhat ang nakabalot na katawan at saka iyon inilipat sa kariton. Sa labas ng morgue ay naghihintay ang isang puting van sa garahe. Sa pagnanasang tuklasin kung ano ang gagawin sa kanyang katawan, sinundan ng kaluluwa ang mga lalaki. Sumunod din ako. Makaraan nilang isalansan ang nakabalot na katawan sa likod ng van, saka naman kami magkapanabay na pumasok ng kaluluwa sa loob ng sasakyan.

Sa tantsa ko'y umabot ng humigit-kumulang tatlumpung minuto ang biyahe. Hindi ko na namalayan kung saang lugar dumaan ang napakainit naming sinakyan. Hanggang sa huminto na lang ito sa tapat ng isang

malaking bahay sa loob ng mukhang mamahaling subdivision. Bumusina ng dalawang beses ang saksakyan namin para itembre sa taong naghihintay ang aming pagdating. Nakangiti pang kumaway sa cctv si sukat-aparador na may tangan ng manibela. Ilang sandali matapos ‘yon ay awtomatikong bumukas ang gate. Dumiretso ang van sa garahe kung saan awtomatiko ring bumukas ang trangkahan. Pagbaba ng mga lalaki sa sasakyan, binuksan nila ang pinto nito sa likuran at saka kinuha ang katawan.

Umigting ang pagkapraning ng kaluluwa sa mga nakita. Tiim-bagang niyang kinutobang masama yata ang mga susunod mangyayari. Mula doon ay binuntutan namin ang mga lalaking may dala sa kanyang bangkay papasok sa elevator. Nang mawala ako sa sarili, hindi ko natiis na dumapo sa kulay-makopang pisngi ni katamtamang-lalaki. Natampal niya ang sarili nang mapuna ‘kong dumapo. Nang hindi ako tamaa’y humabol siya nang tingin habang paikot-ikot akong lumilipad palayo sa kanyang harapan. Sa isang dingding ng elevator ako saglit na dumikit. Pagkaraa’y paggapang na lumipat ako sa kisame bago muling lumipad para mabilis na mapadpad sa kabilang dingding kung saan hindi niya ako maaabot.

“Shooo!”

Ngingisi-ngisi si sukat-aparador habang umaakyat kami sa 2$^{nd}$ floor. Pagbukas ng elevator, idiniretso ng mga lalaki ang katawan sa napag-usapang silid nang naghihintay na tao.

Tumagos lamang doon ang tahimik na kaluluwa.

*Ang Parokyano*

Pagdating namin sa madilim-dilim na silid, lumapag agad ako sa mataas-taas na puwesto ng mga inaalikabok na libro. Agad ding inilagak ng mga lalaki ang katawan sa mahabang sofa habang ang kaluluwa’y parang iiling-iling na tumayo sa tabi nang nakaupong lalaki. Nakatitig siya maigi na parang lubos na ipinagtataka ang maling gagawin ng isang pamilyar na mukha.

Wala ng mga pormal na pagbati ang naganap sa pagitan nitong mga naghatid sa patay at ng taong naghihintay. Walang ngumiti sa kanila. Walang nagsalita. At wala ring kahit anong bakas ng reaksyon galing sa mukha ng naghihintay nang makaharap ang mga tauhan ng nagpapaupa ng bangkay. At

sa halip, agad lamang siyang pumunta sa kanyang steel cabinet para kunin ang isang sobreng naglalaman ng hustong halaga para sa kanilang transaksyon. Sa kapal nang nilalaman niyon, sapat na para lalong manahimik ang kanyang mga kausap. Kalmado niyang inabot ang sobre sa mga kaharap. Pagkaraan nito, isinenyas ni sukat-aparador ang kanyang relo na tulad daw ng dati, babalikan nila ang katawan makalipas ang nakatakdang oras.

Tinignan ng lalaki sa kanyang cctv ang papaalis na mga kausap. Nang makalabas na ito sa malawak niyang bakuran, saka muling pinabayaan ng lalaki ang monitor. Pumunta siya sa lamesa para salinan ng alak ang kanyang makinis na baso. Habang umiinom, lumakad siya papunta sa turntable para patugtugin ang isang lumang musika sa katamtaman nitong lakas. Sa mga sandaling iyon, kunot-noo at suspetyosong pinagmasdan lamang ng kaluluwa ang umiinom na lalaki mula sa isang sulok.

Nagkakalarawan na siguro sa isip niya ang mga susunod na mangyayari. Sa paningin ko'y magkahalong takot at banas na ang naramdaman nitong kaluluwa habang pinagmamasdan ang taong masuyong tumitingin sa kanyang katawang nakasalansan sa malambot na upuan. Ang mga titig ng taong ito'y kakaiba. Para bang malambing na nangungusap ang kanyang mga mata sa natutulog na sinisinta. Ang pagbalot ng lagim sa aming paligid ay lalo pang pinasidhi ng musikang pinatutugtog nitong kanyang turntable. Isang musikang hindi na iniintindi ng nananahimik na kaluluwa.

Matapos inumin ang natitirang alak mula sa baso, pinatay ng lalaki ang musika. Saka siya pumunta sa sofa para marahang lambingin sa pagkakahiga ang bangkay. Maingat niyang inalis ang puting kumot nito sa ibabang bahagi ng katawan bago magpasyang sumisksik sa tabi. Dahan-dahan siyang nagpikit ng mga mata bago hagurin ng ilong at amoy-amuyin ang matipunong balikat ng kanyang sisipingin. Habang nangyayari ang mga ito, dumapo ako at lumakad ng kaunti sa labi ng ginamit niyang baso. Hindi ko naibigan ang nakahihilong amoy ng alak. Lumipat ako sa nakapatay na turntable at muling nagmasid. Ilang saglit pa'y idinikit na nang lalaki ang kanyang labi sa tenga ng patay na animo'y mayroong ibinubulong na hindi maunawaan ng tahimik na kaluluwa. Pagkaraan nitong masusuyong ritwal, sandaling humaplos at humimas ang lalaki sa itlog ng bangkay. Niyapos niya na parang natutulog na asawa ang hindi tumatangging katawan bago ito tuluyang hinalikan. Inumpisahan niya iyon sa likod ng maliit nitong tenga. Pagkaraa'y unti-unting bumaba ang halik sa gawing batok bago ito huminto sa leeg kung saan unang lumabas ang kanyang mahabang dila. Bantulot na napailing ang kaluluwa sa mga nakita. Pagtuntong ng mga pupog ng halik

sa gawing labi, pansamantalang tumigil ang nag-iinit na mangingibig ng patay. Nagtanggal siya ng baro at sandaling tumindig para dagling alisin ang mga pang-ibaba habang mahigpit na nakaguwardiya ang mga tingin nito sa maamong mukha nang hubad na katawang nasa sofa.

Sa hindi maintindihang dahilan ng kaluluwa, mistulan siyang naging si Kristong iginapos na walang magawa kundi ang tumingin at manahimik sa mga nangyayari. Naghuhumindig na ang alaga ng ginoo nang balikan nito ang niroromansa sa sofa. Ang buong akala ng kaluluwa'y isusunod na rito ang isang akto ng pagbayo na higit na ikinababahala niya subalit iba ang ipinasya ng lalaki. Sa halip, muli niyang nilingkis ang bangkay sa gawing tagilaran habang tangan ang sariling ari sa isa pang kamay. Taas-baba niyang inihagod nang inihagod ito sa hita ng patay sa loob ng ilang minuto hanggang sa abutin siya ng sukdulang nginig sa pagsirit ng likidong isinuka ng kanyang pagkalalaki. Pagkaraan nu'y saglit na napapikit ang kanyang mga tumitirik na mata bago tuluyang mapabuntong-hininga.

*Ang Komprontasyon*

Pagsalampak ng lalaki sa tabi ng sofa, biglang nagwika ang kaluluwa.

"Nakakadiri ang mga gawain mo, Quintero."

Gulat namin siyang nadinig ng lalaki. Pero mas ikinagulat ko ang pagbanggit sa pangalang Quintero. Bumaling ng tingin ang tinawag niyang si Quintero sa gawing pinto. Nang walang makita, para itong haring walang takot na inilibot ang tingin sa nasasakupan. Nilingon niya ang monitor, ang lagayan ng mga inaalikabok na libro, ang stereo, ang mga kurtina sa bintana, ang lamesang kahoy at turntable ngunit wala siyang nakita. Ilang saglit pa'y kalmadong dinampot ni Quintero ang kanyang baro mula sa sahig bago muling nakarinig ng tinig mula sa nagpipigil na kaluluwa.

"Hindi lang pala basta totoo ang mga sabi-sabi tungkol sa 'yo."

"Walang esensyal na kahulugan salitang nakakadiri. Sino ka, at anong alam mo sa konsepto ng nakakadiri? Matikas na tugon ni Quintero sa kaluluwa na para bang inihahayag nito ang makapangyarihang awtoridad sa kanyang teritoryo."

"Paano nagagawa ng isang tulad mo ang kahayupang tulad nito?"

Akala ko'y magiging kulay makopa si Quintero matapos marinig ang tinig ng pang-uusig nitong kaluluwang nakakikilala pala sa kanya. Pero sa kabila nito, kahanga-hanga ang pananatiling maging presko at posturang kalmado ni Quintero. Minasdan lamang muli nito ang paligid bago muling nakarinig ng boses.

"Wala akong balak na masama sa 'yo, 'wag ka mag-alala."

"Nasa'n ka? tanong ni Quintero habang marahang inililigid ang paningin sa buong lugar."

"Gusto kong umupo ka muna bago ko sabihin kung nasa'n ako."

Iniisip ni Quintero na nagmumula ang tinig mula sa pinto ngunit alam niyang walang tao doon. Nilingon niya muli ang monitor, ang mga libro, ang stereo, ang mesa at turntable ngunit walang gumagalaw sa mga ito. Tiningala rin niya ang kisame't pinakiramdaman kung may kumikilos. Walang tao sa buong kwarto maliban sa kanya. Hanggang sa dinggin na lamang ni Quintero ang ibig ng naririnig na tinig. Marahan siyang umupo sa sahig at saglit na ipinikit ang mga mata.

"Hindi mo ako makikita subalit nandito ako sa mga libro sa gawing kanan mo."

Hindi umimik si Quintero. Tumingin siya saglit sa mga libro at huminga nang malalim bago ako masulyapang lilipad-lipad malapit sa kanyang baso. Mayamaya'y tinanong niya ang tinig para tiyaking hindi lamang guni-guni ng isang napapraning na manunulat ang kanyang naririnig.

"Anong nakikita mo sa paligid?"

"Ikaw. Ang bangkay sa sofa at ang silid mong may samu't-saring libro."

Nang makumpirmang hindi nga bunga ng halusinasyon ang tinig na naririnig, sinubukan ni Quinterong sumandal sa sofa. Nagkusot siya ng mga mata bago muling nakapagsalita.

"Hindi ko alam anong intensiyon mo ba't ka nandito, hindi kita kilala at walang dapat na nasa lugar na 'to kundi ako. Alam mo naman sigurong ito ay pribado. Pero mauunawaan ko kung bibigat ang loob mo. Ipinagpapalagay kong sa 'yo ang katawang nandidito, tama ba 'ko?"

Hindi nakasagot ang kaluluwa sa diretsahang tanong ni Quintero. At sa halip, ilang segundong katahimikan ang namagitan sa kanila bago nagpatuloy si Quintero.

“Alam ko ang iniisip mo.

Saglit na tumayo si Quintero at nagtungo sa lamesa para muling lagyan ng alak ang basong nilakaran ko kanina. Pagbalik sa sahig, isinalaysay ni Quintero ang unang beses niyang sumubok ng patay. Ang pagsidhi ng kanyang interes dito at ang pagpapatuloy nito hanggang sa kasalukuyan.

“Sa umpisa'y nahihiya rin ako kapag naiisip ko ang iisipin ng ibang tao ukol sa gawaing ito. Nahihiya ako sa mga nakakikilala sa ‘kin. Nahihiya ako sa mga agad ng manghuhusga at hindi makauunawa. Iniisip ko ang kanilang mga binuong paggalang at pagpapahalaga. Parang bulang biglang mawawala ito lahat dahil dito. Pero higit sa lahat mas nahihiya ako sa sarili ko kapag hindi ko pinakinggan ang totoong na niloloob ko. Ganito ang gusto ko. Maligaya ako rito sa piling ng katahimikan. Wala akong layong makabangga sa buhay ng iba datapuwa't hindi ko rin nais maikulong sa inaasahan sa ‘kin ng iba. Gusto kong maging malaya.

Habang paro't parito ako sa magkabilang daliri ng mga paa ng bangkay, mayamaya'y pinalawig na ni Quintero ng kanyang di-tuwirang rasyunalisasyon at pangangatwiran. Kalamdo pa rin ito na parang nagbibigay lamang ng lektura at pananalumpati sa harapan ng maliit na klase.

“Hindi ko ibinabando sa ibang tao ang personal na gawaing ito. Hanggang sa oras na ito'y wala akong pinagpapaalaman nito at hindi ko sinasabing ganap na makatuwiran ang paniniwala ko rito. Siguro'y nakikilala mo lang ako sapagkat nakababasa ka marahil ng ilang akda ko. Doon ay nagpapasalamat ako. Pero ang mga gawa ko ay hindi kumakatawan sa buo kong pagkatao at buo kong kasaysayan. Hindi ang mga akda ko ang nagsasabi kung sino ako at kung ano ang totoong hanap ko bilang tao. Walang sinasabi ang aking mga akda tungkol sa aking mga tunay na saya at lumbay dahil labas kayo doon at hindi niyo na iyon kailangan malaman.”

“Pero kinikilala ka bilang makabayan.”

“Ihiwalay mo ang isyu ng bayan dito. Hindi ko rin hinihingi ang pagkilala sa ‘kin bilang progresibo. Iba ang pananagutan ko sa bayan at iba ang pananagutan ko sa sarili. Hindi ko iniaasa sa bayan ang mga personal kong pangangailangan. Ang oryentasyong sekswal ko ay walang kinalalaman

sa pakikisangkot ko sa pulitikal na gawain ng kilusan. Tulad lamang din ako ng maraming tao. Walang masama sa ginagawa ko. Walang esensyal na pinagkaiba ito sa mga ginagawang pagtatalik at pagsasalsal ng mga tao sa mga oras nilang pribado. Ngayon, sabihin mo sa 'kin, nakasasagabal ba 'to sa pagsulong ng rebolusyon?"

"Pero alam mo naman sigurong hindi iyan normal."

Sa paghuhusgang iyo'y pinigilan ni Quintero ang magalit sa gumigitgit na moralismo. Sinikap niyang makapanaig ang hinahon para sa pagpapatuloy ng diyalogo.

"Kailangan mong alamin maigi ang sinasabi mo. Sino ang normal? Nasaan ang normal? Kung normal ang magsinungaling at hindi makinig sa pasya ng sarili, ituturing mo na ba ang isang hindi gumagawa nito bilang baliw? Kung ganu'n, normal ba sa 'yo ang maging de-susi sa dikta ng kapangyarihan?"

Walang naisagot dito ang natahimik na kaluluwa. Sa pagpukol ng mga abstraktong tanong ni Quintero sa kanya, nagmistulan siyang estudyante na nagblangko ang pag-iisip habang kumukuha ng isang kumprehensibong pagsusulit. Pero sa pagmamasid ko'y mukhang kakaunti lang yata talaga ang kayang sabihin ng isang kaluluwa. Hindi na kasali sa kanilang katangian ang dumakdak at maging masalita tulad ng mga napuna ko sa ibang kaluluwa sa nakalipas na linggo.

"Pasensya ka na, pagpapatuloy ni Quintero na parang kumambyo ng argumento. Hindi ako kristyano. Hindi ako sumasampalataya sa moralidad ng kung sinong ponsyo pilato. Ipagpaumanhin mo na lamang ang nagawa ko sa katawan mo. Pagod na 'kong masaktan. Sana'y maunawaan mo. Nandiyan ka pa ba?"

"Nakikinig ako."

Ang sumunod doo'y nagsalaysay na si Quintero ng kanyang personal na buhay mula pagkabata. Inugat niya rito ang simulain ng kanyang pagiging mapag-isa at pagkagusto sa daigdig ng katahimikan. Nagsanga ang salaysay hanggang sa maikwento na niya ang mga kinikimkim na galit sa kababawan ng mundo at dinadamang lumbay. Ang kaugnayan at halaga nito sa kanyang pagsusulat at mga paniniwala niya tungkol sa pagsusulat. Ikinwento rin ni Quintero ang mga eskandalong nalalaman niya noong siya ay pumasok sa seminaryo. Umabot iyon papunta sa maraming pagtatapat

tungkol sa mga di magandang karansan niya bilang seminarista at ang dahilan nang pagtigil niya rito hanggang sa mauwi siya sa propesyon ng paguturo kung saan kalauna'y nagkaroon lamang siya ng mga panibagong multo at mas malalaking problema. Inihalimbawa niya ang mga tisimoso at tsimosang kasamahan sa pagtuturo. Ang mga 'di nakakasundong hambog na intelektuwal sa kanilang unibersidad at kolehiyo na nag-aakusa sa kanya at kanyang mga akda bilang burgis, indibidwalistang bakla, pretensyoso at di rebolusyonaryo. Idinawit niya rito ang mga hambog na manunulat at iba pang personalidad sa akademya at industriya ng panitikan na lihim niyang kinasusuklaman at pinagsisikapang ungusan sa mga patimpalak, promosyon, pananaliksik at paglalathala. Napuna niya rito ang mga sagad-sagaring kareristang manggagamit at hindi totoong kaibigan hanggang sa isang araw ay mapagtanto niyang napakasama talaga nitong lipunan at mas mabuti pang pakisamahan na lamang ang mga nananahimik at walang kapangyarihan.

Sa haba ng ikinwento ni Quintero, parang nagmomonologo na siya sa kwarto. Naging kumportable siya sa kanyang mga pagsasalaysay at sa lahat ng ito'y taimtim na nakikinig lamang sa tabi niya ang tahimik na kaluluwa. Sa mga pagitan ay nagtatanong si Quintero kung naririyan pa ba sa tabi niya ang kausap na agad namang sumasagot ng oo. Hanggang sa marinig na lang nila ang dalawang busina na sagisag ng mga susundo sa inuupahan niyang katawan.

Mag-uumaga na pala.

Tumayo si Quintero para ayusin ang kanyang sarili. Binuksan niya ang monitor. Tinignan maigi ang mga taong nasa sasakyan. Pagkaraan nito'y inayos niya ang upuan at muling kinumutan ang bangkay. Paglipas ng ilang saglit, nagtanong siya sa hindi nakikitang kausap.

"Aalis ka na rin ba?"

Bagamat bahagayang napanatag na rin ang loob at tila nagsisimula ng makaunawa, hindi inaasahan ng kaluluwa ang ganung kalungkot na tanong mula kay Quintero kung kaya nakapagbitaw siya ng hindi tuwirang sagot.

"Hindi ako sigurado."

Pagpasok sa kwarto ng mga sundo, inilagay nila muli sa troli ang bangkay. Tulad ng dati, wala pa ring mga pormal na pagbati. Tatawa-tawa pa rin si sukat-aparador habang sakay sila ng elevator pababa. Sinamahan namin sila ng kaluluwa hanggang sa sasakyan. Paglabas namin sa trangkahan,

tinitignan ng kaluluwa si Quintero na naiwanang mag-isa doon sa mansyon. Tinitignan din kami ni Quintero mula sa isang bintana noon. Bumubuka-buka ang kanyang bibig na parang tumutula. Mag-isang nagsasalita sa pag-aakalang nasa tabi niya at nakikinig pa ang kinakaibigang kaluluwa.

* Nagwagi ng Unang Gantimpala para sa kategoryang Maikling Kuwento sa PNU NORMAL AWARDS for Gender-Inclusive Literature 2021

**POETIKA**

Produkto ng takdang aralin para sa isang klase ko noon itong "Renta". Kahingian ng guro sa kurso ang isang katha na umiiba na ang anyo sa panlipunang realismo – ang nakagawiang anyo ng maikling kwento sa Panitikang Pilipino.

Sa pagbabalangkas ng akdang ito, hiniling na unahing isulat ang tagpuan ng kwento. Ipinalarawang maigi ang lahat mula sa mga nakikita hanggang sa mga nadadama, naamoy, nadidinig at kung anu-ano pa na magpapagana sa five senses ng mambabasa. Pagkaraan nu'n, may hamon na pag-isipan ang isang paniniwalang Pilipino (hal. pamahiin, superstisyon etc.) na maaaring isaksak sa kwento na maghuhudyat sa pagpihit nito mula sa realismo patungo sa pantastiko o kahit anong "spekulatibo."

At dito na magsisimula ang kwento.

Sa pagkakataong ito, ang naisip kong gawing sangkalan ang popular na paniniwala ng mga Pilipino sa hindi natatahimik na kaluluwa - lalo na 'yung may hinahanap na hustisya bago tuluyang yumao. Pero hindi ito bago. Para gawing naiiba siguro ang kwento'y kinailangang lumikha ako ng mga abnormal karakter na humihingi ng pang-unawa sa kakaiba nilang ginagawa. Sa katagalan ng pag-iisip at pagsusulat, natagpuan kong mga problematikong anti-hero na nasa krisis ang nabuo ko rito. Lalo na itong necrophiliac. Ang laki ng taya sa karakter na ito kumbaga sa sugal. Nang pagpasyahan kong pustahan at gawing tauhan para sa paksa ang karanasang ganito, naitulak nitong proyekto na galugarin ko ang mundong pinagmumulan ng mga taong masama agad sa ating paningin. Sa prosesong ganito ko naunawaang tulad ka rin pala ng abogado kapag nagsusulat ng kwento. Nagtatanggol ka rin pala ng kaso dito at ang hukom sa korte ay walang iba kundi ang mga mambabasa. Nakapagpalusot ba ako ng mga pangangatwiran dito para sa isang akusado? May napanalunan ba ako sa pagsugal?

Noong una'y gumamit ako ng unang panauhan sa pagsulat. Pero pagkatapos noon ay ako na mismo ang naburat sa sarili kong ikinukwento. Inilugar ko ang sarili sa kaluluwa ngunit hindi ako natuwa. Saka ko malaong maaalala ang isang writing exercise mula sa isang libro ni Ricky Lee (Trip to Quiapo?). Inisip ko: Ano kaya kung ilagay ko ang sarili sa isang kinagagalitan? Nabubwisit ako noon sa pagpasok ng mga langaw dito sa bahay. Dadapo sa baso ng kape ko. Dadapo sa kinakain ko. Dadapo sa akin mismo at kung saan-saan pang lugar na nakakaasar. Nanawa na ko kakahampas sa kanila

araw-araw pero hindi pa rin sila mawala-wala. Bilang simpatiya siguro sa mga napapatay kong insekto, inisip ko kung ano kaya kung maging langaw din ako para sa kathang ito. Nakakalipad. Listo. Mabilis. Nakapagtatago. Ganun ang langaw. Kailangan ko na lang gawing tsismoso.

Pampainit na lang dito ang ilang akto ng kamunduhan sa pagitan ng buhay at patay na tahimik na pinagmamasdan ng insekto at kaluluwa. Ang mas pinroblema ko rito ay e ano ngayon kung spekulatibo na ito? Ano'ng epekto nito sa magbabasa? Mahihirati na lang ba ako sa kwentong sikolohikal? Dito na ako maglalatag ng talagang ineteres sa pagkukwento. At ito ang politisasyon ng anyo, at ganun din para sa nilalaman – na malimit ngayong tanggihan sa establisimyento ng panitikan. Kung gasgas na sa iba ang sining ng panlipunang realismo, anong mahalaga ang inihahain sa panitikan ng mga lumilihis dito bukod sa usapin ng magandang porma? Bakit magtitiyaga sa pagkurot-kurot lamang sa mga umiiral na relasyong pangkapangyarihan? Itong politisasyon na binabanggit ko ang, sa tingin ko, higit na magpapataas sa taya ng katha. Sapagkat sinusugulan ko na rin dito ang husga ng magbabasa kung naiangkop ko ba ang anyo sa nilalaman nitong akda.

Sa bandang huling bahagi nitong pagsusulat, malaki ang tulong na nagawa ng ilang kaibigang tumingin at nagmungkahi kung paano pa mapaghuhusay ang akdang ito sa usapin ng porma, nilalaman at orihinalidad – kung meron pang matatawag na ganito ngayon. Ito talagang proseso ng kritisismo ang isa sa mahalagang daanan ng anumang kathang may layon na mapahalagahan ng magbabasa.